Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Paggamit ng mga Pahayag na Ginagamit sa Pagbibigay ng Opinyon**

**I. PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

________ 1. "Kumbinsido ako na kahit na mayroon nang bakuna, hindi pa rin dapat na makampante ang mga Pilipino sa COVID-19." Ano ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon?
a. sa COVID-19 c. hindi pa rin dapat makampante
b. Kumbinsido ako d. dapat na makampante

________ 2. "Marami ang natatakot na magpabakuna kontra COVID-19 dahil sa mga kumakalat na fake news. Ang pagtitiyak sa katotohanan ng impormasyon ay kinakailangan at mahalaga, sa ganang akin." Ano ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon?
a. sa ganang akin c. kumakalat na fake news
b. Marami ang natatakot d. kinakailangan at mahalaga

________ 3. "Buong loob kong sinusuportahan ang magagandang adhikain ng aming lokal na pamahalaan kaya't nakikiisa ako sa mga ordinansang ipinatutupad nito." Ano ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon?
a. mga ordinansang c. magagandang adhikain
b. lokal na pamahalaan d. Buong loob kong sinusuportahan

________ 4. "Sa tingin ko, tataas na naman ang presyo ng mga bilihin dahil nagkakaroon ng kakulangan sa suplay ng mga produkto." Ano ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon?
a. Sa tingin ko c. tataas na naman ang presyo
b. presyo ng mga bilihin d. dahil nagkakaroon ng kakulangan

________ 5. "Lubos kong pinaniniwalaan na dapat tayong magpasalamat sa lahat ng ating biyayang natatanggap." Ano ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon?
a. sa lahat ng c. dapat tayong magpasalamat
b. Lubos kong pinaniniwalaan d. ng ating biyayang natatanggap

**II. PANUTO:** Isulat sa patlang ang **O** kung ang isinasaad ng pahayag ay opinyon o **H** naman kung hindi.

______ 6. Nakapagpapalawak ng kaisipan ang pagbabasa ng mga nobela.
______ 7. Sa palagay ko, magandang gawing libangan ang pagbabasa ng mga nobela.
______ 8. Kung ako ang tatanungin, sulit pa ring basahin ang mga nobela kahit mahahaba ang mga ito.
______ 9. Kinahihiligang basahin ng mga nakatatanda ang mga nobela dahil nalilibang at naaaliw sila sa kuwentong hatid ng mga ito.
______ 10. Sa tingin ko, ang kabataan sa kasalukuyan ay maaaring makahiligan din ang pagbabasa ng mga nobela kung ang mga paksa ay maiuugnay sa interes nila.
______ 11. Sa halip na magtalo at magsisihan, dapat laging nag-uunawaan at nagtutulungan ang mga tao.
______ 12. Sa aking palagay, walang masama sa pakikipagtulungan sa iba, ito pa nga ang susi sa tagumpay.
______ 13. Sa tingin ko, higit na makatutulong sa hinaharap kung matututo tayong magtipid at kung magiging matalino tayo sa paggastos.
______ 14. Buong loob kong sinusuportahan ang magagandang adhikain ng pamahalaan para sa mga mamamayang Pilipino.
______ 15. Sa panahon ng pandemya, hindi dapat magsayang ng panahon ang mga tao sa pagsisisihan, dapat ay magtulong-tulong tayong masolusyonan ang mga problemang kinahaharap ng bansa.